**Presidential Communications Operations Office**
**Presidential News Desk**

**SITUATION BRIEFING ON TYPHOON "ODETTE"**
**PRESIDED OVER BY**
**PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE**
**(PART II)**

**[Held at the Malacañan Palace in Manila | 17 December 2021]**

**DPWH SECRETARY ROGER MERCADO:** Thank you very much, Mr. President, Senator Bong Go and members of the Cabinet.

Here is my --- our executive summary. The Typhoon Odette has affected infrastructures and 16 road sections are closed to traffic: two in Region VII; one in Region VIII; five in Region X; and eight in Region [XIII] due to fallen trees, flooding, soil collapse, landslides, road slip, damaged bridges and vehicular accident.

The following 16 national roads and bridges closed are two in Region VII; one in Region VIII; five in Region X; eight in Region XIII, Mr. President. No report yet as to the specific damage because of the brownout no communications and there was one time I contacted the district engineer and he said that they are still monitoring and assessing the damage, Mr. President.

So we cannot really determine yet but we expect big damage because the line, the path of the typhoon crosses through from Dinagat, Siargao goes to Panaon Island in Liloan in Padre Burgos, Limasawa and then Maasin and then going to President Garcia in Bohol and then to Carcar, Cebu going to Negros Oriental, Mr. President.

So the following four national roads with limited access are one in Region X; three in Region XIII. Our department made some actions which are to mobilize --- we have ready equipment deployed at 1,027 units and manpower deployed at 7,586 and it can be augmented with our assistance, the Ayuda Program, which is the assistance for the youth and the underemployed, Mr. President.

And we have activated the DPWH-DRRM teams of possible affected regional and district engineering units. We installed also warning and some barricades. We are doing ongoing clearing operations. And we have instructed our director for equipment --- to send additional equipment to the areas affected 'no.

And continuous monitoring of the status of national roads and bridges, Mr. President and we ordered also --- and in fact, we have purchased additional radio equipment in order that we can contact even if we have no cell sites or cellphones available.

At the Central Office, Mr. President, we have activated the incident command center composed of the secretary; the undersecretary for operations of Mindanao, Visayas; director for Finance;

Bureau of Maintenance; Bureau of Equipment; the Information Management and Communication Service; and the stakeholders relations service, Mr. President.

We have released with SARO already with sub-allotment advice as of two this afternoon, 20 million for Region VI; 20 million for Region VII; 20 million for Region VIII; 10 million for Region X; and 30 million for Region XIII. Additional funds will be requested for our capital outlay.

We have also available assets like equipment. We focused on Region V, VI, VII, VIII, X and XIII because these are the most affected regions.

We have for Region V, we have available assets 148 equipment and with manpower of 1,148. For Region VI, we have 19 equipment and 622 manpower. Region VII, we have 28 equipment and 477 manpower. Region VIII, 199 equipment and 1,238 manpower, Mr. President. Region X, we have 118 equipment and 687 manpower. Region XIII, 90 equipment and 453 manpower. For a total of equipment available: 1,027 units of available equipment to be deployed and some are already deployed and 7,586 manpower deployed.

Today as an initial action towards assessment of damages, Mr. President, we have instructed all affected district engineering office and regional offices to conduct initial assessment of damages in their respective area of responsibility should the weather permit and to warn them not to expose themselves to any danger.

Generally, a Post-Disaster Needs Assessment is usually undertaken by all RDs and DEOs to identify and revalidate all the reported damages in court during the visit of a typhoon. This will bring about the cost of damages in terms of infrastructure and so that we can also provide the agencies concerned like the DBM and the Civil Defense Office with program of works to support our submission of damages and corresponding fund allocation.

And we will be in contact with the Office of the President and the OCD, Mr. President, for our continuous reporting of the damage of our roads and bridges and flood controls of our affected regions, Mr. President.

That's all, Mr. President. Thank you very much.

**DSWD UNDERSECRETARY FOR DISASTER RESPONSE MANAGEMENT GROUP FELICISIMO BUDIONGAN:** Yes, Mr. President, before the onslaught of Typhoon Odette we were already prepositioning our family food packs and other relief goods in the --- especially in the path of the typhoon.

As of now, Mr. President, we are managing 332 evacuation centers in Region X, Region XI and in CARAGA. But we are still waiting for the report from the other regions because of some challenges on our communication. But our regional offices are already there in the area and tending to the --- to the displaced people in the disaster area.

For --- as of today, Mr. President, we have standby funds of 78.5 million. These are distributed in the central office and the different field offices. We have a stockpile of 400,000 family food packs from the central office and the different field offices prepositioned in their respective resource hubs. This is --- this has an equivalent amount of P246.3 million, Mr. President.

For other relief items, we have an equivalent amount of 627.4 million, Mr. President. And our total standby funds and stockpile here in the central office and in the different field offices, we have P952.3 million, Mr. President.

We are still collating our reports from the ground and we are submitting our reports to the OCD so that the NDRRMC could have a whole picture of what is happening on the ground, Mr. President.

So…

**PRESIDENT DUTERTE:** Yes. Go, ahead.

USEC. BUDIONGAN: Yeah, Mr. President, we are contin --- continuously looking after the welfare of our IDPs in the --- because we are the lead agency for the camp coordination and camp management in the evacuation centers. We are also the lead agency for the provision of the food and non-food items, and the IDP protection. We also are setting up child friendly spaces and women friendly spaces in the different evacuation center, Mr. President.

Our resources in the different field offices are adequate. But kung medyo mabawasan na po ang ating National Resource Operations Center, we'll be augmenting our field offices. As a matter of fact, this morning we sent off five trucks full of family food packs and other relief goods towards Region X and we are also sending quick response teams in Cebu which will depart tomorrow morning, Mr. President.

**DOH SECRETARY FRANCISCO DUQUE III:** I have been in touch with them, with Undersecretary Okang Dumama who is the field and implementation coordination team head for Mindanao and Visayas.

And this afternoon, I also spoke with the director of DOH Regional Office-Cebu, sir. Iyon ang masama, ang mga health facilities natin ay karamihan mga bubong na natanggal, sir.

So I said that as soon as --- as the risk is less, they should start already rebuilding, repairing because it is very important that those facilities will be restored back to ---they're being able to provide services.

And nakapag-preposition na rin po tayo, Mr. President. I don't… Did you want me to actually make a presentation now, sir?

**PRESIDENT DUTERTE:** Yes, go ahead.

SEC. DUQUE: Okay. [Can I have the first slide?] I have a six-slide presentation, Mr. President.

Unang-una po, ang ating Department of Health central office and regional offices ay nagsagawa ng mga sumusunod:

Una, nagtaas po tayo ng code alert bilang paghahanda. At pangalawa nag-abiso rin tayo sa ating mga regional offices, ang BARMM, Ministry of Health at iba't ibang health facilities ukol sa paparating na bagyo at patuloy ang ating monitoring sa mga weather disturbances through the DOST and PAGASA.

At mahalaga po sa lahat, nakapag-preposition rin po tayo ng mga iba't ibang gamot at health commodities sa mga probinsiya sa tulong po ng ating Provincial Department of Health Officers (PDHO).

Ang DOH Health Emergency Management Bureau Operation Center ay patuloy na nagmo-monitor ng health emergencies at nakahanda ang atin pong response teams for deployment kung kinakailangan. At mayroon din po tayong mga human resources for health sa atin pong PDHO na na-deploy para tumulong sa disaster assessment ng health facilities.

Patuloy rin ang ating pakikipag-ugnayan sa ating mga LGUs upang maiabot natin ang health services at masigurong efficient and coordinated ang emergency response natin sa mga komunidad.

Katuwang ng ibang ahensiya ng gobyerno ang inyong DOH ay patuloy --- patuloy rin na nagbibigay ng mga paalalang pangkalusugan para po sa ating mga mamamayan na naapektuhan.

Para naman po [next slide] para naman po sa logistical support, kasama po sa aming paghahanda ang prepositioning ng drugs, medicines, supplies, water, and sanitation, hygiene augmentation sa atin pong mga DOH regional offices na affected at ang support na ito ay patuloy naming inau-augment.

So mayroon po tayong 12.3 million worth of medicines, assorted medical supplies, hygiene kits at ibang COVID-19 supplies ang na-preposition ng ating regional DOH. At mayroon din po tayong 289.5 million worth of commodities naman na nakahanda sa atin pong mga regional warehouses.

Sumatutal po, ang logistical support mula sa DOH ay nasa 289.5 million. Hindi pa po kasama rito ang abot sa 66.7 million worth of commodities sa ating DOH central office na handang mai-deploy sa mga nangangailangang rehiyon. Patuloy namang susuriin ang pangangailangan ng mga apektadong rehiyon upang makapagbigay ng mga dagdag na tulong.

[Next slide.]

Ayon sa mga initial na atin pong mga reports na natanggap, ito po ang mga issues at concerns sa ating response effort sa mga heavily-affected areas:

Una, dala ng pinsala ng bagyo unstable ang communication lines, power, at water supply sa mga affected areas.

Pangalawa po, bagama't hirap sa pakikipag-ugnayan sa ibang mga affected areas, patuloy rin po ang pag-iikot sa atin pong mga health facilities upang masuri ang mga pinsalang natamo dala ng bagyo at baha. So katulad din po nang ginagawa ng ibang ahensiya, nagkakaroon na po ng initial assessment of the damages incurred due to the Typhoon Odette.

At pangatlo po naman, ang ating National Vaccination Operations Center ay nakikipagtulungan sa ating Sandatahang Lakas or AFP upang ma-assess ang ating mga vaccination sites, lalo na ang mga cold chain management para sa atin pong mga bakuna.

Nakikita rin po natin, Mr. President, ang posibleng issue sa ating mga COVID-19 test kits at specimens kung magtatagal ang pagbalik ng kuryente sa mga apektadong lugar. Kanya ginagamit ko po ang pagkakataong ito na makiusap sa Department of Energy na siguraduhin ang atin pong restoration ng mga power lines. Ang kuryente ay napakamahalaga po lalo na dito po sa mga lugar kung saan nandoon po ang ating mga logistics for our vaccination program.

At… Iyon lang po, magbibigay lang po kami ng mas detalyadong ulat sa lalong madaling panahon as 'yun pong mga karagdagang reports ay pumapasok, magbibigay po kami ng pinakahuling update. Thank you, sir.

Iyon kasing nagkakaroon na ng damage assessment by now, 'yung mga nasira na mga healthcare facilities in the affected regions.

And I'd like to know if we can already directly submit to DBM the required budget for repairs so that we can already work on this immediately. So 'yun lang, Mr. President. So I just wanted to inform you, sir.

Iyon lang po, Mr. President. Salamat po.

**AFP CHIEF ANDRES CASTOR CENTINO:** Good evening, Mr. President, sir. The AFP, as part of the SRR Cluster of the NDRRMC, facilitated in the preemptive evacuation of our --- of those residents in the direct path of the typhoon.

And we have deployed 89 teams in the Visayas Command area and 115 teams in Eastern Mindanao Command area to conduct search, rescue and retrieval operations.

We have also provided the needed aircraft to conduct Rapid Damage Assessment and Needs Analysis in CARAGA. Four of the Black Hawks from Davao were transferred to Butuan to conduct this damage assessment and they were also used to transport communication equipment from Butuan to Siargao. Another aircraft was also dispatched to Bohol to conduct search and rescue operations and several sorties were conducted this afternoon.

We have also alerted our Philippine Navy ships, LD-601, this is the biggest vessel that we have, is alerted and placed on standby in South Harbor. We have also three ships in Sangley Point ready for deployment if needed for the transport of relief goods from here in Manila going to the affected areas.

We have also placed on alert our Philippine Air Force aircraft: one C-130, one C-295, one 212i, and one Fokker plane are placed on alert and they are here at Villamor Air Base ready for deployment anytime, aside from the Black Hawk helicopters that are in the area. Tomorrow, two Black Hawks from Zamboanga will be flying to Mactan and another two Black Hawks helicopters will be flying from Clark Air Base to Mactan Air Base.

As to the report of damage count, so far reported were the damage to facili --- some facilities in headquarters VISCOM in Cebu, where the operation center was destroyed and the commander of VISCOM had to use an alternate area to restore connectivity with General Headquarters.

Also the headquarters of one infantry battalion in Surigao Norte was significantly destroyed or damaged. This was in Gigaquit, Surigao Norte. And another battalion headquarters, 47th IB in Bohol, was also damaged. It was also in the direct path of the typhoon.

So far, no casualties were reported from among the AFP personnel, sir. That would be all for the AFP, sir.

**DILG SECRETARY EDUARDO AÑO:** Magandang gabi po, Mr. President.

As early po as December 12, we’ve been talking about disaster preparedness, nakapaghanda na po tayo sa 12 regions, 47 provinces, 73 cities, 683 municipalities na posibleng pagdadaanan ng bagyo. So nakapag-issue po tayo ng advisory sa lahat ng LGUs at saka DILG field offices to initiate disaster preparedness protocols.

And on December 14 naman po ay in-activate natin ang Disaster Online Reporting and Monitoring System. On December 15, base na po sa advisory ng PAGASA, nagbigay din tayo ng memo at alert sa mga LGUs regarding the intensification of Typhoon Odette into a strong typhoon. At unang-una po tiniyak natin ‘yung presence ng mga local chief executives sa kanilang mga areas covering po ang mga region na ‘to mayroong 1,025 cities and municipalities. At nakita po natin 98.6 percent po ang presence ng ating mga mayors, local chief executives, accountable --- accounted naman po sila lahat.

At dito po sa paghahanda na ito ay sinigurado natin na nai-convene 'yung mga NDRRMCs ng bawat LGUs. Nakapag-organize ng search, rescue, and recovery teams; medical, security, and clearing operations team; at in coordination din po sa DOH at sa ating mga local health officers, sinigurado natin na ang implementation po ay in accordance din po sa ating effort against COVID-19 and ensuring the compliance ng minimum public health standards.

Nakapag-assess din po ng mga evacuation centers sa kanilang functionality and safe use. At ang mga barangay po ay nakapag-activate na ng kanilang Barangay Disaster Risk Reduction and Management Council. Dahil din po sa magandang preemptive evacuation natin, 84,674 families or 338,664 individuals ang nadala natin sa evacuation center.

Ito rin po ang dahilan kung bakit napanatili natin na maliit lang ang ating casualties sapagkat sinigurado po natin na talagang ma-evacuate kahit tinatawag nating forced evacuation para lang siguradong ligtas ang ating mga mamamayan.

Sa ngayon po ay patuloy tayong nakikipag-ugnayan sa ating mga local chief executives. Areas na lang po ng southern Samar at saka Dinagat ang walang signal. Unti-unti na rin naman pong bumabalik ang signal.

Pero ang priority po natin ay ma-rescue 'yung mga stranded individuals sa mga flooded areas particularly po sa area ng Bohol --- sa Loboc, Bohol, at saka sa Kabankalan, Negros [Occidental].

In coordination po sa PNP at saka AFP at Bureau of Fire Protection, ay nakapag-deploy naman po tayo ng mga search and rescue teams. Sa Bureau of Fire Protection po ay mayroon tayong 1,450 fire trucks, 1,054 rescue trucks, at saka 58 ambulance and 16 watercraft na mina-man ng 8,926 fire personnel.

At ang Philippine National Police po dito sa mga areas, sa mga --- may mga na-evacuate tayo, 1,423 PNP personnel; 3,285 rescue and special units para po sa mag-conduct ng SRR. At mayroon po tayong mga naka-deploy na PNP sa 29 vacated or evacuated areas para sigurado naman pong protektado 'yung mga properties ng mga nailikas natin.

Sa ibang areas po ngayon naibabalik na natin unti-unti 'yung mga nag-evacuate sa kanilang mga bahay.

So iyon lamang po, Mr. President, patuloy po kaming makikipag-ugnayan para matugunan 'yung mga issues at concern ng ating mga LGUs.

**DA SECRETARY WILLIAM DAR:** Okay po, magandang gabi po, Mr. President, at saka kasamahan ko sa Gabinete.

Gusto kong ipaalam --- lahat po na bago dumating itong Typhoon Odette ay naabisuhan na natin 'yung ating mga farmers and fisherfolk na kung mayroon pang puwedeng i-harvest sa mga mature crops nila ay --- or sa mga fish pond po nila ay talagang iha-harvest na. So marami pong nangyari po na ganoon.

Now, with the early warning systems po ay talagang malaking maitutulong 'yung abiso ng DOST-PAGASA at dito nga we do much coordination with the local government units in regard to advising our farmers.

At pangalawa po 'yung ating monitoring and evaluation of the damage sa agrikultura ay nag-uumpisa na. We have to complete this again in partnership with the local government units. At in due time po, we will submit the detailed report ‘yung damage.

Now, ano naman ‘yung nakahanda or prepositioned na agricultural assistance po para sa ating mga magsasaka at mangingisda? Mayroon po tayong rice seeds na naka-position na po doon sa mga regions concerned at itong rice seeds mayroon tayong 42,822 at may halaga po ito na P148 million. Mayroon rin tayo seeds ng mais, P58 million, 12,484 bags. Mayroon din mga buto ng high-value crops, 11.1 million ang --- no, 11,132 kilograms worth 45 million, at saka fingerlings and biologics.

So lahat po ito ay mayroong total na value po 355.6 --- P355.26 million po ang halaga na pang-rehab, pang-recover po natin sa lahat po na nasalanta sa sektor ng agrikultura.

Now, on top of this, Mr. President, ay inihahanda po rin natin ‘yung 500 million para dagdag po sa rehabilitation na --- and recovery, and this will be charged to the Quick Response Fund. So we have a total assistance coming from the Department of Agriculture in the amount of P853 million, Mr. President.

So ‘yung aming focus pa rin ay talagang kung paano there is a quick turnaround of planting and livestock raising ‘pag humupa na itong Bagyong Odette.

So that’s all what I can report, Mr. President. In due time, the detailed damage report will be given properly. Marami pong salamat po.

**DOE UNDERSECRETARY FELIX WILLIAM FUENTEBELLA:** Department of Energy, sir. Usec. Fuentebella po. Yes.

We just like to make an assurance that --- to the DOH Secretary that we are doing our best ‘no na mabalik po kaagad ‘yung mga pangangailangan for electricity and also ‘yung mga gasolinahan.

As of Tuesday, 4 o'clock, we already called a meeting for the Task Force Energy Resiliency. Ito po ‘yung nagco-coordinate sa inyo po ngayon and we have already advised the distribution utilities to conduct ‘yung SOPs nila.

Pero ang importante po na hinabol ni Secretary Cusi na dapat ma-identify saan ‘yung mga bakuna para ‘yun po ang ma-prioritize na maibalik kaagad kasi baka hindi po tumagal ‘yung mga genset na nandoon sa mga --- kung saan itinatago ‘yung ating mga bakuna.

Dahil po sa bagyo, tinitingnan po natin ‘yung mga isla na naapektuhan. Ito po ‘yung mga planta na hawak ng National Power Corporation. ‘Pag mayroon na pong kuryente at mayroon ng komunikasyon, mababalik po kaagad natin ‘yung kuryente dito sa mga islang ito.

Pero ang magandang balita po para sa mga power plants na nasa grid, wala pong masyadong tinamaan na power plant pero ang tinamaan po ‘yung transmission lines.

Kaya kung makikita po natin sa mga blue areas, ito po ‘yung mga totally walang kuryente, pero ito po ay ibabalik po natin agad ‘pag nagkaroon na ng assessment at ‘yung troops natin sa ground eh makapagtrabaho na po from the National Grid Corporation of the Philippines.

Iyan po ‘yung mga blue ‘yung walang kuryente. Iyong partial na tinamaan po ‘no at kailangan maibalik pa eh ‘yung yellow. At ‘yung mga normal po ang takbo sa transmission pero kailangan pa po i-check ‘yung distribution, ‘yung mga nasa green areas po.

Dito po sa Cebu, tinawagan po ako ni Secretary Cusi habang nag-uusap po tayo kanina at sinabi niya po na kaya nang magbato ng kuryente ng Visayan Electric Company sa Cebu, kailangan lang po mag-coordinate sa NGCP.

Kaya po habang nag-uusap po tayo kanina, natawagan na rin po natin ‘yung NGCP para masagutan --- masagot na po ‘yung pangangailangan ng Cebu at puwede nang magbato ng kuryente dahil 95 percent po ng Visayan Electric Company ay wala pong kuryente.

But if the DU is ready, puwede na pong ibalik ‘yan tonight by the transmission sector baka po makapag-produce na tayo ng services for electricity by tonight.

Ito naman po ang itsura sa Mindanao kung saan ang Surigao po, ‘yung blue area, Surigao Norte, ‘yun po ‘yung totally wala; partial po ‘yung yellow tulad ng Misamis, Lanao del Norte, dito po sa Davao Oriental, ‘yun po ‘yung mga partially affected ng transmission. ‘Yung green areas po, tulad nung sa Visayas, ito pong mga green area ay normal ‘yung operation ng transmission but still we have to check on the distribution utility.

So ito po ‘yung mga report ng NEA para sa mga distribution utilities electric cooperatives kung saan ‘yung estimated cause of damage ay hindi pa po natin nakikita. Pero we have 50 --- 550 municipalities already restored; partially restored, 23 municipalities; for restoration is 348 municipalities that were affected.

So ang estimate po ng NEA, ang mga tao po na walang kuryente sa ngayon is 3.16 million. So that being the case, the Energy family, also through the market operation suspension eh napako na po natin ‘yung presyo ng --- ng sa market at P5.27 per kilowatt hour at kailangan po rin ma-restore na kaagad ‘yung pagbato ng kuryente ng Visayas to Luzon kasi nagtutulungan po siya once weather permits sa system operations and market operations.

So sa gasolina po, ‘pag nagdeklara na po ng state of calamity ‘yung mga LGU, magkakaroon po tayo ng price freeze para sa kerosene at household LPG. Pero ina-assure po ng DOE na ito pong report ng oil companies, we have sufficient stock on the ground.

Mayroon lamang pong 78 retail outlets as of 4 p.m. today na nakasarado dahil po may baha or walang kuryente. But we will closely coordinate with the NDRRMC kung mayroon pong mga ground forces natin ang nangangailangan ng gasolina, diesel, kerosene doon sa ground. We will coordinate po so that we can talk to the oil companies also para ma-expedite ‘yung services ng products na kailangan para sa restoration.

So ‘yun lamang po from the Department of Energy, Mr. President, and to the members of the Cabinet. Maraming salamat po.

And also, Mr. President, we may need assistance also of another agency para mas maganda po ‘yung preparedness ng Department of Energy at Task Force Energy Resiliency, this is the Philippine Statistics Authority, kasi po we need the response in the survey on the consumption para po masiguro natin na mas mabilis ‘yung data gathering para mas mabilis din po ‘yung pagbibigay ng submission ng Energy family.

And these are the members of the Energy family, on the screen, that are working 24/7 po para masiguro po na mabilis po ‘yung kuryente pagbalik at saka masaya po ‘yung Pasko ng ating mga kababayan.

**DTI SECRETARY RAMON LOPEZ:** Mr. President, Mon Lopez DTI. Kung --- if it's okay with the President, magbigay lang ako ng update para sa mga pamilihan naman ng ating mga kababayan and, of course, in terms 'yung preparation bago magbagyo.

Since the other day, ang DTI, Mr. President, started to update 'yung mga price and supply ng mga supermarkets and retail stores para sa ating mga kababayan to ensure na may maraming supply of --- especially mga pagkain at saka mga essential products masiguradong may prepositioned doon sa mga tindahan. At the same time, ma-establish 'yung baseline prices in anticipation of the state of calamity na ide-declare para 'yung mai-price freeze may basehan tayo.

As of yesterday, Mr. President, 'yung sa pag-monitor, bago --- right before dumating 'yung bagyo, bukas pa 'tong mga tindahan. And 'yung mga presyo nila hindi ho gumagalaw, 'yun pa ring by basic necessity and prime commodities. Ang supply ay stable at ang presyo pareho pa rin, compliance po --- compliance sa suggested retail price.

Ang maganda ho, mataas ang inventory level. Actually ho three weeks to one month. Hindi ho magkakaroon ng shortage sa mga lugar na 'yun. Kaya mataas din 'yung inventory level dahil po alam natin panahon ng Pasko, marami talagang --- I mean, malakas ho ang volume talaga nang pamimili. Kaya ho natiyempong mataas ang mga imbentaryo so walang panic buying na nangyayari.

And as of today, noong dumaan na ho 'yung bagyo, at least may report ho tayo may mga nagsara ho na mga supermarket temporarily but --- like in Cebu, 'yung sa isang --- 'yung malaking mall na SM, apat, four out of 15 ay bukas pa din. Tapos 'yung mga mall-based nila, three out of three. In other words, 'yung mga malls nagbukas na ulit nung dumaan na ang bagyo, at one out of 12 naman ang bukas doon sa mga labas ng mall.

Sa Iloilo, lahat ng stores, supermarkets nila ay bukas. Sa Bacolod, eight out of 12 ang bukas. Ang mga drugstores, convenience stores open. Ang mga malls sa Leyte, nago-offer sila ng temporary shelter to those who will be affected by the typhoon.

Free overnight 'yung parking, 'yung WiFi, pati charging stations until December 17. Well, today 'no at I'm sure ie-extend po nila 'yan hanggang kailangan. And then 'yung --- 'yung mga Puregold, Robinsons, Savemore, open pa rin ho sila to cater to the basic needs, 'yung mga essential needs.

Ang mga establishment sa Region X naman ay --- they remain open despite the flooding. They also offer 'yung malls for temporary shelter for affected families. Ang mga major supermarkets at tiangges bukas pa din. Wala pa hong reported na hoarding and overpricing, binabantayan po natin 'yun.

And finally, we have directed 'yung mga regional teams ho ng DTI to assess the extent of the damages, especially doon sa mga maliliit na negosyo, 'yung mga micro SMEs natin so that we can assist in their rehabilitation through financing o kaya 'yung pagbigay ng livelihood kits na ---

‘yung bini --- ‘yung may budget ho na nabigay diyan si Senator Bong Go para sa mga apektado na mga micro entrepreneurs.

Sa --- ‘yung ano po, pagka nag-state of calamity declaration ang LGU, automatic po tayo sa price freeze for 60 days. So naka-ready po tayo doon just in case ho mag-declare po sila.

Thank you, Mr. President, sa mga kasama.

**DEPED DISASTER RISK REDUCTION AND MANAGEMENT SERVICE DIRECTOR IV RONILDA CO:** Yes, puwede po sa DepEd?

**PRESIDENT DUTERTE:** Oo, go ahead.

**DEPED DIRECTOR CO:** Earlier, Mr. President, we reported tulad po ng mga ibang ahensiya ng NDRRMC ay inilabas din namin bago pa po pumasok ang Bagyong Odette ‘yung mga advisories ng DOST-PAGASA and that’s to the more than 47,000 ‘no na mga paaralan natin.

And we also reiterated ‘yun pong mga preparedness protocols and measures ng DepEd to more than 35,000 na mga exposed natin na mga schools ‘no at doon sa mga bata na nandoon at mga personnel sa pagdating ng Bagyong Odette.

With that, Mr. President, we also have --- through the LGUs announced the suspension of classes sa more than 23,000 schools. At tulad po ng sabi niyo kanina, hindi man natin gustuhin na may mga evacuation centers na mga schools na ginagamit as evacuation centers ay sa kasalukuyan po ay mayroon tayong 671 na mga eskuwelahan na ginagamit po na evacuation centers sa bansa.

And for now, nag-activate na po kami ng aming tinatawag na rapid assessment damages report. Ito po ay manggagaling direkta sa mga schools ‘no papunta po sa DepEd central office through SMS at kinakalap --- nag-uumpisa po kaming mangalap ‘no. May kahirapan lang po, Mr. President, dahil tulad nga ng sabi na ng karamihan eh wala pong kuryente.

Sana po ay tulad ng sabi ng DOE ay maibabalik kaagad ang kuryente para po magkaroon na ng koneksiyon ang ating mga communication lines.

So iyon po at mayroon din po kaming mga nakaantabay na pondo, Mr. President, para sa assistance tulad po ng mga teachers’ kits or learners’ kits, mayroon din po kaming mga psychological first aid kasama po ginagawa namin ito with DSWD, DOH at kung mamara --- kung kinakailangan po ay kahit emergency school feeding po.

At siyempre po, Mr. President, doon din sa pagtingin ng mga damages na kailangan makumpuni o kaya ay totally ma-reconstruct ‘yung mga infrastructure damages at ‘yung mga kailangang palitan na mga non-infrastructure na mga masisira po.

Of course, sabi niyo nga medyo limitado na ang pondo at lahat. So we are hoping that the early and mid-term recovery, we will be able to attend to that doon po sa ponding darating siguro ng 2021, ah 2022 na po, Mr. President.

Maraming salamat po.

**DBM UNDERSECRETARY KIM ROBERT DE LEON:** Mr. President, from DBM po. Actually we would like to report and also in response to the query of the Secretary of Health, we have agencies with built-in Quick Response Funds po. These include Department of Agriculture, Department of Health, Department of Education, Office of Civil Defense, DPWH, DSWD, which are already po with the agencies na po 'yung mga QRF nila.

They can immediately tap the same and utilize the same and once it's already depleted, they can just send to us the request for replenishment of the QRF, which we will be charging from the remaining balance of the NDRRM Fund for 2021.

**PHILIPPINE COMMISSION ON WOMEN CHAIRPERSON SANDRA MONTANO:** Thank you, Mr. President. You're referring to me Sandra Montano of the Philippine Commission on Women.

First and foremost, I would like to thank your office kasi po na-include na po sa ano sa emergency 911 ang violence against women and children and gender-based violence nakasama pong rerespondehan ng ating mga first responders.

Kasi po nakita po natin sa pag-aaral na ang perpetrator katulad po nung nangyari pandemic ay kasama po ng ating mga women and girls sa bahay po nila 24/7. So nagpapasalamat po kami ang PCW po sa Department of Justice, sa DSWD, especially ang ating mother agency ang DILG si Secretary Año.

At kami po ay natutuwa na alam din po natin na tuwing may calamities and emergencies ang isa po sa mga vulnerable sector ay ang ating mga kababaihan at ang ating mga bata. Kaya nandito po ang inyong chairperson para umalalay po in times of ano --- needs and emergency.

Maraming salamat, Mr. President.

**SENATOR CHRISTOPHER LAWRENCE "BONG" GO:** Undersecretary Caintic, 'yung --- ang daming nagrereklamo hindi pa nako-connect 'yung telecommunications and even in Davao na hindi naman kasama sa tinamaan ng bagyo, putol 'yung communications nila for the --- almost whole day po ngayong araw na ito. Napakaimportante 'yun peace of mind ng mga naiwan doon sa Cebu at sa Region VIII.

**DICT UNDERSECRETARY EMMANUEL CAINTIC:** Thank you, Mr. President and Senator Bong Go.

Ang status po ng sa Mindanao, ang tinamaan po ay ang parang equivalent ng transmission line sa may bandang Surigao. Kumbaga kung saan natamaan, nag-spread 'yung buong blackout ng transmission nung telecommunications sa buong Mindanao.

Affected I think partly ang Globe but then mostly ang Smart. But I've been monitoring them closely. Nagpapatulong sila sa amin para makapunta kaagad ang kanilang mga repairmen and kagamitan papunta sa lugar kung saan nila ire-restore.

Iyong isa pa pong naapektuhan din is 'yung sa may Leyte. But that's primarily, Mr. President, because of the lack of power. So tali kami doon sa energy kasi kung walang power, wala ring means para mag-transmit ng signal ang mga towers.

So 'yung sa Mindanao, apektado kahit 'yung hindi tinamaan dahil ang fiber mismo ng transmission. Tapos 'yung sa may Leyte, Samar, dahil lang 'yun sa kawalan ng power. 'Pag na-restore ang power, balik kaagad 'yung kanilang signal.

Thank you po.

**CABINET SECRETARY AND ACTING PRESIDENTIAL SPOKESPERSON KARLO ALEXEI NOGRALES:** So ang report po nung NDRRMC is they will do the assessment on the extent of the damage. So we are --- they are getting lahat ng mga information. And then kung kinakailangan ay iakyat agad sa inyong opisina, sir, ang magiging assessment ng NDRRMC pati ang recommendations ng NDRRMC through Secretary Lorenzana.

But in the meantime, tama po 'yung sinabi ng DBM na may Quick Response Fund naman na magagamit 'yung iba't ibang mga department.

Then in the meantime, 'yung ating mga local government units 'pag kinakailangan nilang mag-declare ng state of calamity locally, mayroon naman silang karapatan to do that.

So ganoon na lang po 'yung magiging step-by-step process natin, Mr. President. Thank you.

--- END ---